# Pangangalaga sa Emergency: Wildfires

Kasalukuyan ba kayong apektado ng isang malaking sunog? Makakatulong kami sa inyo na makuha ang pangangalaga na kailangan ninyo. Tumawag sa amin sa **(800) 863-4155** para sa tulong. Matutulungan namin kayo na humanap ng medikal na pangangalaga. Makatutulong din kami sa inyong mga resetang gamot.

Nakikipagtulungan kami sa mga parmasya, ospital, at mga sentrong pangkalusugan sa lugar. Gusto naming tiyakin na nakukuha ninyo ang pangangalaga ng kalusugan mula sa alinman sa aming mga provider. Kung kailangan ninyo ng bagong Partnership ID card, mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip, o anumang iba pang serbisyo, mangyaring tumawag sa amin. Handa kaming tumulong.

May mga problema ba kayo sa paghinga? Dahil sa hindi magandang kalidad ng hangin, mahalagang magkaroon ng pang-emergency na supply ng gamot at/o kagamitan. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagkuha at pang-emergency na supply, mangyaring tumawag sa amin.

Nasa ibaba ang karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan. Mangyaring tumawag sa amin kung mayroon kayong anumang tanong o alalahanin.

### 24-na Oras na Tagapayong Nurse

Kung hindi ninyo matawagan ang inyong doktor, tumawag sa Payo ng Nurse. Available ang nurse 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo sa **(866) 778-8873.**

### Mga Serbisyo ng Pangunahing Pangangalaga

Maaaring namamalagi kayo sa isa pang county dahil sa mga sunog. Kung kailangan ninyo ng mga medikal na serbisyo, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **(800) 863-4155**. Huwag mabahala kung ang inyong gamot, mga medikal na supply, o kagamitan ay nawala o nasira sa mga malalaking sunog. Mangyaring tumawag sa inyong parmasya o provider ng medikal na supply. Ipaalam sa kanila na kailangan ninyo ng maagang pagkuha o pagpapalit dahil sa mga malalaking sunog.

### Mga Medikal na Serbisyo na Nasa Labas ng Inyong County

Maaaring namamalagi kayo sa isa pang county dahil sa mga sunog. Kung kailangan ninyo ng mga medikal na serbisyo, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **(800) 863-4155**. Huwag mabahala kung ang inyong gamot, mga medikal na supply, o kagamitan ay nawala o nasira sa mga malalaking sunog. Mangyaring tumawag sa inyong parmasya o provider ng medikal na supply. Ipaalam sa kanila na kailangan ninyo ng maagang pagkuhao pagpapalit dahil sa mga malalaking sunog.

## Mabilisang Paghanap

Mga Serbisyo sa Miyembro:
(800) 863-4155

24 na Oras na Linya ng Tagapayong Nurse:
(866) 778-8873

Mga Serbisyo sa Pangunahing Pangangalaga ng PHC:
(800) 863-4155

Pagsasaayos ng Pangangalaga ng PHC:
(800) 809-1350

Mga Serbisyong Pangtransportasyon (MTM):
(888) 828-1254

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip:
(855) 765-9703

## MGA SERBISYO SA MIYEMBRO

**Narito ang Departamento ng mga Serbisyo sa Miyembro upang tulungan kayo. Mangyaring tumawag sa amin kung nagkakaproblema kayo sa pagkuha ng medikal na pangangalaga o reseta. Tumawag sa (800) 863-4155 o TTY: (800) 735-2929 o 711 Lunes – Biyernes 8 a.m. – 5 p.m.**



*Updated: 9/1/2022*

# Pangangalaga sa Emergency: Wildfires

### Mga Tanong Tungkol sa mga Serbisyo ng Parmasya

Maaaring sarado ang inyong parmasya dahil sa isang napakalaking sunog. Kung kailangan ninyo ng tulong para sa mga serbisyo ng parmasya, maaari kayong tumawag sa Call Center ng Medi-Cal Rx sa **(800) 977-2273**, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, o 711 para sa TTY, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

### Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip

Narito ang Beacon Health Strategies para tumulong. Mangyaring tumawag sa Beacon kung kailangan ninyo ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip. Kung kayo ay nasa pangangalaga na, subukang tumawag sa inyong kasalukuyang provider. Tumawag sa Beacon kung hindi kayo makatawag sa inyong provider. Bukas ang linya ng telepono ng Beacon Health Strategies 24/7 para sa mga agarang tawag sa **(855) 765-9703.**

### Mga Payo para sa Usok ng Napakalaking Sunog

Sa panahon ng napakalaking sunog, makatutulong sa inyo ang mga payong ito na pababain ang mga epekto sa kalusugan mula sa usok ng napakalaking sunog:

- **Bawasan ang panlabas na pisikal na aktibidad.** Pinatataas ng ehersisyo ang dami ng hangin na nilalanghap ng inyong mga baga sa hanggang 10 hanggang 20 beses, pinahihintulutan ang polusyon nang mas malalim patungo sa mga baga.

- **Bawasan ang pagkalantad sa usok.** Dapat maging partikular na maingat ang mga bata, ang mga nakatatanda, mga babaeng buntis, at mga taong may sakit sa palahingahan at puso upang maiwasan ang pagkalantad.

- **I-on ang inyong air conditioner.** Bawasan ang pagkalantad sa panlabas na usok sa pamamagitan ng pagsasara sa lahat ng bintana at pinto at pag-on ng air conditioner. Isaalang-alang ang pagbisita sa isang lugar na may air condition kung walang magagamit na air condition at napakainit na manatili sa loob.

## Mabilisang Paghanap

Mga Serbisyo sa Miyembro:
(800) 863-4155

24 na Oras na Linya ng Tagapayong Nurse:
(866) 778-8873

Mga Serbisyo sa Pangunahing Pangangalaga ng PHC:
(800) 863-4155

Pagsasaayos ng Pangangalaga ng PHC:
(800) 809-1350

Mga Serbisyong Pangtransportasyon (MTM):
(888) 828-1254

Mga Serbisyo sa Kalusugang Pag-iisip:
(855) 765-9703

## MGA SERBISYO SA MIYEMBRO

**Narito ang Departamento ng mga Serbisyo sa Miyembro upang tulungan kayo. Mangyaring tumawag sa amin kung nagkakaproblema kayo sa pagkuha ng medikal na pangangalaga o reseta. Tumawag sa (800) 863-4155 o TTY: (800) 735-2929 o 711 Lunes – Biyernes 8 a.m. – 5 p.m.**



*Updated: 9/1/2022*